# Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP

Rolando Tolentino

## ABSTRAK

Tinatalakay ng sanaysay ang kahalagahan at pagkaunlad ng wika sa disiplina ng komunikasyon at media. Bilang tagapagpalaganap ng isang popular o kolokyal na bersyon ng pambansang wika, ang media ang siyang humububog ng substansya ng isang pambansang pagkaunawa sa Filipino. Ang problematiko ng ganitong responsibilidad sa disiplina ng komunikasyon at media ang siya ring tinatahak ng sanaysay. Nilalayon ng sanaysay na makapag-ambag ng disiplinal na perspektiba sa pagkaunawa ng wikang Filipino bilang wika ng intelekwalisasyon ng mga disiplina.

Mga susing salita: wika, komunikasyon, media, U.P. College of Mass Communication.

The essay discusses the imporatnce and development of Filipino in the communication and media disciplines. As the platform of choice of dissemination of a popular and colloquial national language, media shapes the substance of the understanding of Filipino. The problematic of such task and responsibility in the communication and media disciplines is the trajectory of the essay. The goal of the essay is to contribute a "disciplinal perspective" in the undertanding of Filipino as the language of intellectualization of the various disciplines.

Keywords: language, communication, media, U.P College of Mass Communication

May isang kwento, marahil isang urban legend, na tinanong daw ni Kris Aquino si Fr. Roque Ferriols, S.J., pangunahing proponent ng pagtuturo ng pilosopiya sa wikang Filipino sa Ateneo de Manila University nang si Kris ay nag-aaral pa sa pamantasan, "Why do we have to learn Philosophy in Filipino?" bilang rekognisyon na may kanluraning tradisyon ang pagkatuto ng pilosopiya sa bansa. Ang sagot daw ni Fr. Ferriols ay "Putang-ina mo, Kris."

Napatanga raw ang mag-aaral, marahil bukod sa bumagsak ang panga ay namula sa hagupit ng pananalita. At ang dagdag pa raw ni Fr. Ferriols ay "Iyan ang dahilan kung bakit tayo nag-aaral ng pilosopiya sa Filipino." Ang pambansang wika ang daluyan ng diwa at kamalayan Filipino, bukod sa pagiging lingua franca o pangunahing wika ng komunikasyon sa bansa. Dumaramdam tayo sa pangkalahatan sa wikang pambansa at sa lokal na wika—sa wikang nagpamulat sa mundo—at sekundaryo ang pagdamdam sa aral at hiram na wika.

Papel natin sa UP na maging "ground zero" sa lahat ng disiplina at larangan, pati ang pinakamabisang pedagogy o pagkatuto sa mga disiplina, kasama rito ang pag-aaral sa mga disiplina sa pambansang wika at pagpapaunlad sa wikang pambansa at iba pang lokal at internasyonal na wika, lalo na ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina.

Sinasabing 80 porsyento ng graduate ng UP College of Medicine ay lumilisan ng bansa sa unang taon ng kanilang pagtatapos para mag-aral at magtrabaho sa ibang bansa. Kahit na may return service ng limang taon, hindi nito lubos na matutugunan ang problema ng aspirasyong lumisan dahil nga ang pagkatuto ng maraming kurso sa medisina at iba pang allied profession ay sa wikang ingles. Ibig sabihin, ang pangunahing kontexto ng pagkatuto ng medisina ay ang First World setting ng maayos na ospital at matatag na health plan at polisiya na hindi nagsasaaalng-alang ng gastusin at resources. Hindi lang naman problema itong diin sa ingles sa UP, ang board at bar exams, ang regulasyon hinggil sa mga profesyon, ang diin ng estado na maglunsad ng medical tourism, at ang distansiasyon ng profesyon sa mayoryang buhay at kondisyon ng mamamayan ay nagbibigay-diin sa ideal ng internasyonalisasyon ng profesyon kaysa materialidad ng ugnay sa lokal at pambansang lagay.

Ang mga kalakarang nagpapausad sa bansa sa ekonomiko at politikal na larangan ay nakasaad sa ingles. Ang batas, negosyo, medisina, syensya at engineering ay isinasagawa sa wika maliban ang pambansa at multilingwal na mga wika. Marami naman ang nakapansin, na malaki ang papel ng wika sa pagkaunawa ng kalakaran sa korte, maging ang bilis ng pagproseso ng mga kaso sa korte. Malamang, ito rin ang kadahilanan kung bakit malaki ang bumabagsak sa bar dahil nga hindi sapul ang batas na nakasulat at natutunan sa wikang ingles sa diwa ng pagpapalaganap ng isang makatarungang lipunang Filipino.

Hindi rin lubhang mabisa ang papel ng UP sa pagpapalaganap ng wikang pambansa sa larangan ng media at komunikasyon. Sa isang banda, ang wika ng media ay gumagamit ng lingua franca. Naririnig ang mga balita at radyo-serial sa Filipino, at maging FM stations ay nagiging Taglish na ang kalakhan; ang pangunahing wika ngayon sa free television ay Filipino; sa mas malaking sirkulasyon ng print media (ang mga tabloid), pangunahin din ang Filipino sa popularidad; ang pelikula ay parating lingwa franca na Filipino ang gamit, at sa pagkaunlad ng indie (independent digital) cinema, pati na rin ang iba't ibang wika ng bansa ay ginagamit tulad ng Sebuano, Hiligaynon, Pangasinese, Badjao Samal, Maguindanao, at Tagalog na Kabitenyo; at maging sa Internet, sinasabing mas popular na puntahan ang sites na nasa wikang pambansa sa resulta ng searches kaysa sa internasyonal na wika. Umunlad ang media sa Filipino, at ang wikang Filipino ay pinaunlad, sa pangunahin, sa media.

Sa mas malaking bahagi, business decision pa ng media conglomorates ang pagpapaunlad ng mga palabas at advertising sa Filipino. Ito ay bilang reaksyon sa market segmentation na 80 porsyento ng tahanan sa bansa ay nasa class C-D-E market, o ang mga pinakamababang mga antas sa ekonomiyang lagay. Sa pamamagitan ng mga telenovella, balita, news magazine, showbiz shows, sitcoms, gag-show, game show at reality show na gamit ang Filipino, mas tataas ang ratings at dadagsa ang advertisers. Kinikilala ng media ang kapasidad ng wika na tumbukin ang sentimiento at diwang Filipino na literal at figuratibong bebenta sa masang Filipino.

Ang Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla (Masscomm), na pangunahin naman, ay naging bukas sa naging direksyon ng media sa bansa. Kinikilala nito ang pangangailangang ng matalas at etikal na pamamahayag, halimbawa, sa wikang Filipino at ingles na siyang magiging kapamaraanan sa pamamahayag sa ibang wika sakaling lumipat sa community broadcasting at journalism ang estudyante sa kanyang pagtatapos. May mga seminal na akda sa Filipino, tulad ng manwal sa pagsusulat ng dula sa radyo ni Prof. Pearl Manalili; ginagamit sa mga klase ang mga babasahin at referensiyang nakasulat sa Filipino; ang pagtuturo ng scriptwriting at iba pang kurso sa produksyon sa iba't ibang media ay gumagamit sa Filipino; pati ang pagtataguyod ng Filipino sa mga seminar at term paper ay hinihikayat na rin. Ang mga gradwadong mag-aaral mula sa ibang bansa ay kinakailangang mag-aral din ng Filipino para makapagbasa ng referensiyang nakasulat sa pambansang wika. Marami rin mga professor sa Masscom ay nananaliksik, naglalathala at gumagawa ng produksyong pansining sa Filipino.

Kung iisipin, mabuti na lang at tumungo sa Filipino ang direksyon ng media sa bansa at naging bukas ang Masscomm sa direksyong ito. Bilang isang disiplina, at katulad ng anumang disiplinang ang diin ay produksyon ng bago at makabagong kaalaman, ang Masscomm ay patuloy na umuunlad di lamang dahil ito ay may kapasidad hulmahin ang lokal at global na kondisyon at panuntunan sa kanyang disiplina kundi dahil makabuluhan ang pagkatuto at intelektwalisasyon ng Filipino sa kanyang mga larangan. Sa isang banda, ang disiplina ay may teritoryal na domeyn na nagpapaiba at nagpapatangi sa kanya sa iba pang mga disiplina. May kanya-kanyang rekisito at pamantayan ng kagalingan sa mga disiplina, at batay rito, may kanya-kanyang panuntunan para makamit ang inaakalang kagalingang ito. Sa kabilang banda, ang disiplina ay Janus-faced na may nakatalikod na tingin sa kanyang naging mayaman na tradisyon, at may nakaharap na tingin sa isang moderno at mas makabago pang kinabukasan.

Ang nais kong tumbukin sa susunod na mga bahagi ay ang pangangailangan na ring maging multidisiplinal ng mga disiplina at larangan para higit na maging makabuluhan sa akademya at lipunan. Sa isang bandang pinananatili ng disiplinaridad ang integridad na nagpapatangi, nagpapaiba, napapaangat at nagpapasakto sa mga larangan sa isa't isa, nagpapanatili pa rin ang mga disiplina ng kanya-kanyang rasyonal at mekanismo ng "disiplinaryong kalakaran," tulad ng disipline, surveillance at punishment o pagdidisiplina at pagmimintina ng mga disiplina, pagmamatyag at kaparusahan sa ngalan ng disiplina, sa kabilang banda. Sa batayang antas, protektibo, pinagkakaingatan at itinatangi ang mga disiplina kahit pa sa kasalukuyang pagkaunlad ng sistemang tertiaryong edukasyon sa bansa, at sa pagpasok ng higit pang neoliberalismo sa poder ng akademya, lumalaki ang papel ng negosyo sa pagkaunlad ng mga disiplina.

Maging ang wika ay isang disiplina na nagtatakda ng paggamit at kompetensi nito. Ang talakayan sa wikang Filipino gamit ang lente ng iba't ibang disiplina, tulad ng media at komunikasyon, syensya, at agham panlipunan, halimbawa, ay multidisplinal na lapit para maunawaan ang pagkaunlad o hindi ng wika sa iba't ibang mga disiplina. Pero mayroon pang larangan ng wika na interdisiplinal o ang kapamaraanan ng mga disiplina na langkap ang wikang Filipino sa kanya-kanyang mga disiplina. Halimbawa nito ang pagpapaunlad ng komunikasyon sa Filipino sa batas, accounting at medisina, na ginagamit ang wika para sa efisyente at emotibong komunikatibo na inaasahang mas mabilis ang pagkaunawa at pagplaplano ng mga kalakaran sa mga disiplina.

Sa isang banda, itong komunikatibong gamit sa wika o ang gamit sa wika para sa komunikasyon para gawing efisyente ang panahon, pagpupursigi at pagplaplano sa mga disiplina ay mas makabuluhan sa buhay ng mag-aaral at mamamayan sa kapasidad nitong higit na makatugon sa pangangailangan sa pang-araw-araw at stratehikong panahon. Dito sa antas na ito, mangangailangan ng mga babasahin at referensiya sa Filipino, talakayan sa klase sa Filipino, at maging pagkadalubhasa sa Filipino sa mga disiplina, tulad ng pananaliksik at pagsulat. Maari ngang magtakda ang Sentro ng Wikang Filipino ng panuntunan ng integrasyon ng wika sa mga disiplina, isang kapamaraanan ng pagtatakda ng benchmark para malinaw-linaw ang ideal sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa mga disiplina.

Kaya sa kabilang banda, walang disiplina kung walang intelektwalisasyon sa Filipino na nagaganap sa mga disiplina. Ibig sabihin nito, umuunlad ang mga syensya at engineering sa bansa, nakakapaglathala sa mga scientific journal, pero may disjuncture sa pang-araw-araw na buhay ng mamamayan at historikal na buhay ng bansa. Ang kompetensi sa ingles ay nakapagbunsod ng negosyo, batas, syensya sa kaalaman sa ingles, at kung gayon, may di saktong hapit sa pagpapaunawa, aplikasyon at rasyonal sa pananaliksik

at pagkaunlad ng mga disiplina sa batayang kondisyon ng lipunan sa bansa. Ang aspirasyon ay di lamang akademikong kagalingan sa mga disiplina kundi lampas pa rito, ang pagpapaunlad ng mga disiplina sa partikularidad ng lipunan ng bansa—na ang mga kaalaman ay nilikha at malilikha sa ngalan ng mamamayan at bansa. Ito ang makabuluhang kagalingan, sa tingin ko, ay dapat maging aspirasyon ng mga disiplina.

Nagagawa ito sa UP sa aking pagkakaalam at sa pangunahin sa pagkaunlad ng mga sining at ng mga larangan nito, na may natumbok na pagkatangi sa sining ng bansa na nakakasabay sa pagkaunlad ng global na sining; na mayroong vernakular ang global na sining sa bansa kundi man ang kapasidad ng lokal na sining na makapagbigay-dalumat at informasyon sa global na sining. Ang isinasaad nito ay dalawang bagay: una, mas napapalapit ng wika ng sining at wikang Filipino ang larangan sa buhay, puso at diwa ng mamamayan, na ang disiplina at produktong nililikha ay hindi paraan ng distansisasyon ng iilan kundi pagpapalapit sa nakararami; ikalawa, na ang profesyonal na nililikha ay nakaugat sa kondisyon ng lipunan hindi lamang ng industriya at market, at kung gayon, hindi lamang mga profesyonal na nagtataguyod ng elitismo at hegemoniya sa mga disiplina kundi ng makabayan at nasyonalistikong mga konsern.

Matagal na ang empasis sa science and technology (S&T) at nagpapatuloy ang suporta ng estado rito dahil sa pag-aakalang ito ang magiging langis ng ekonomiyang pag-unlad at hinaharap. Sa pangkalahatan, itinatangi ang mga disiplinang may praktikal na konsekwens kaysa sa altruistikong layon, lalo na kung ukol sa nasyonalismo at pagiging makabayan na nakikita pa ngang mga balakid sa global na pag-unlad. Ang mga kolehiyong may profesyonal na layon ay nakakapagbalik ng resources sa Unibersidad. Samantalang ang mga kolehiyong may estetikal at kritikal na layon ay naisasantabi dahil sa global na rasyonalisasyon ng edukasyon, lalo na ng tertiaryong edukasyon.

Kaya ang paggagap ng pagkaunawa sa wikang Filipino sa mga disiplina ay nakabatay sa direksyon ng intelektwalisasyong nakamit nito sa mga larangan. Maari rin naman kasing ginagamit at sinisimulang ipopularisa ang wikang Filipino para sa higit na efisyenteng pagbubukas ng mga disiplina sa praktikal na konsiderasyon na malaking bahagi nito ay ang pagbubukas ng mga disiplina sa neoliberalismo o ang pagsandal sa poder ng market para sa pagpapaunlad ng mga disiplina. Marami sa pananaliksik at diin sa pagtuturo ay nakabatay sa suporta ng nagbibigay ng pondo, mapanegosyo, social advocacy ng negosyo, o mapa-pamahalaan man ito.

Malinaw naman na ang bansa at mundo sa edad ng kapitalismo ay umiinog sa dalawang realidad: una ay ang realidad ng kapitalismo na nagsasabing buhay, maganda at gumaganda ang ekonomiyang lagay ng mga bansa at pambansang ekonomiya kahit pa sa ikalawa, sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao, hindi naman nararamdaman ang ekonomiyang kaunlaran, bagkus nanggigitata pa rin sa higit pang kakulangan sa oportunidad at resources ng buhay. Kung magpaganito, ang wika ay nagiging paraan na rin ng diferensiasyon o pagkakaiba-iba ng mga ekonomiyang lagay: na kahit sa wikang Filipino, at lalo na sa wikang ingles, na mayroon pa rin may hawak ng kapangyarihan sa wika para makapagsaad ng ofisyal na naratibo ng global na lagay, na nagagamit din ang wikang Filipino para magpasandal sa wika ng kapitalismong lagay.

Kung gayon, ang wikang Filipino ay kailangang paunlarin sa disiplinal, multidisiplinal at interdisiplinal na lagay. Disiplinal dahil kailangang mapagyaman ng mismong pag-aaral ng wika ang pagkaunlad at hinaharap nito batay sa masusi at kritikal na pagtanaw sa kanyang nakalipas at sa aking palagay, kakulangan ng asersyon ng pagpapalaganap sa UP at sa bansa. Multidisiplinal na ang pagdalumat sa wika ay nangangailangan ng iba't ibang perspektiba sa mga disiplina dahil ang pagsasabuhay ng wika ay sa pagsasabuhay ng mga disiplinang may kabuluhan sa buhay ng mamamayan at ng bansa. Interdisiplinal na ang perspektibong wika ay integral sa pagpapaunlad sa mga disiplina, na ang intelektwalisasyon sa wika ay nakabatay sa kabuluhan ng mga disiplina sa pangunahin sa material na lagay ng bansa.

Sa *Palisi sa Wika*, isang dokumento ng Sentro ng Wika at Unibersidad noong 1992 o mga 20 taon na ang nakakaraan, isinaad ang relasyon ng mga wika: Filipino bilang nasyonal na wika na may dalawang salik—ang Filipino bilang nasyonal na lingua franca at bilang isang ideal na hindi pa lubos na nakakamit; ang mga rehiyonal na wika bilang bukal ng Filipino; at ang ingles bilang ang pandaigdigang lingua franca. Dalawampung taon na ang nakakalipas, marami nang bagay at kaganapan ang nangyari sa Unibersidad at bansa. Una ay di na lamang ideal ang Filipino kundi may nakamit na itong materialidad sa buhay ng mamamayan. Salamat sa popular na media, may Filipino nang di pa man nasisilo o naeetsapwera man sa akademya ay mayaman nang batayan para sinupin ang pagsasaproseso sa wika, na imbis na pag-usapan lang ang tunguhin ng mga multilingwal na buhay na bansa sa wikang pambansa, mainam na ring sipatin ang material na buhay na nakamit ng Filipino sa Unibersidad at bansa. Sa mas batayang antas pa nga, kung paano pa rin maipapalaganap ang wikang Filipino sa mga disiplina, at kung paano ang mga disiplina ay magkakaroon ng integrasyon sa wikang Filipino at higit nitong intelektwalisasyon. Ikalawa, may kasalatan pa rin ang suporta ng Unibersidad sa pagpapalaganap ng mga rehiyonal na wika para tunay na maging bukal ng wikang Filipino. Wala pa ring lubos na bilang ng espesyalista at multidisiplinal na guro at alagad ng sining sa iba't ibang rehiyonal na wika ang naitaguyod ng Unibersidad. At ikatlo, dapat na ring kritikal na suriin ang designasyon ng ingles bilang global na wika dahil hindi na lamang ito ang wika ng pagpapakadalubhasa sa global na kalakaran. May tradisyon din ng mga wikang Tsino sa maraming bilang ng mag-aaral na galing sa Chinese high schools, pati ang mayamang palitan ng Unibersidad sa katuwang nito sa Japan at Korea, ang patuloy pa ring kabuluhan ng wikang Kastila sa global na entablado, pati na rin ang French, German, Portuguese at Swahili, ang pangunahing wika sa Africa, na kailangan pa ring paunlarin ng Unibersidad para sa higit namang integrasyon ng kanyang mag-aaral at nagsipagtapos sa produksyon ng kaalaman at best practices sa iba pang bahagi ng mundo.

Malamang ay napatanga si Kris Aquino dahil may latay ang panunuligsa supposedly ni Fr. Ferriols sa pagkatao ng nanay ni Kris. Bakit nga ba naman mumurahin ang santa?

Na naging pangulong si Cory Aquino dahil sa pagkabalo sa kamartiran ni Ninoy, at kung flash-forward, kung bakit nagpapatuloy pa rin ang pamana ng mga pambansang magulang—at ang kanilang pagyao bilang makasaysayang sandali ng pagkabansa--sa pagkapangulo. Kung wika ang nakakapanlatay, nakakapagpagising sa kawalan-ulirat, wika rin at ang intelektwalisasyon nito ang makakapagpalaya naman sa mga disiplina, ng disiplinal na kamalayan at ng mismong UP.

* * *

Si **Rolando B. Tolentino** ay dekano ng Unibersidad ng Pilipinas Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla at fakulti ng UP Film Institute. Siya ay nakapagturo na sa Osaka University at National University of Singapore. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay panitikan, kulturang popular, pelikula at media ng Filipinas, at pinagsasanib niya ang mga isyung nasyonal at transnasyonal. Nagsusulat siya ng kwento at sanaysay, at fellow ng UP Institute of Creative Writing. Siya ay kasapi ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino (Filipino Film Critics Group) at ng Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND-UP).